# Kasalukuyan ka bang may restricted Medi-Cal? Maaaring malapit ka nang makakuha ng full Medi-Cal!



Simula Enero 1, 2024, mas marami nang mga tao ang magiging eligible para sa full Medi-Cal benefits.

**Walang kinalaman dito ang immigration status.**

Kung kwalipikado ka at kasalukuyan kang mayroong restricted Medi-Cal:

- Sa Disyembre 2023 ay tatanggap ka ng sulat sa mail na magsasabi sa iyo kung at kailan mo makukuha ang full Medi-Cal.
- Hindi mo kailangang punan ang panibagong aplikasyon para sa full Medi-Cal. Kung ikaw ay kwalipikado, awtomatiko kang i-eenroll.

Ang full Medi-Cal ay naiiba sa restricted Medi-Cal na maaaring mayroon ka ngayon. Sakop lamang ng restricted Medi-Cal ang emergency services. Sakop ng Full Medi-Cal ang:

- Mga pagpunta sa doktor
- Mga de-resetang gamot
- Mga bakuna
- Pangangalaga sa pangkaisipang kalusugan
- Substance use care
- Pangangalaga sa paningin/salamin
- Pangangalaga sa ngipin
- Emergency services
- Referrals sa mga espesyalista

**Maaaring malapit ka nang maging eligible kung ikaw ay:**

- Nakatira sa California
- 26 hanggang 49 taong-gulang*
- Tumutupad sa household income eligibility requirements

*Ang mga taga-California na wala pang 26 taong-gulang o lampas ng 49 taong-gulang ay eligible na para sa full Medi-Cal.

## Karagdagang impormasyon:

**GetMedi-CalCoverage.dhcs.ca.gov**

Medi-Cal

(800) 223-8383
8:00am - 5:00pm

Daly City - 271 92nd St.
Belmont - 400 Harbor Blvd Bldg B
East Palo Alto - 2415 University Ave
Redwood City - 2500 Middlefield Rd.

www.benefitscal.com